Sa pangatlong aklat, magsasanib-puwersa ang mga nilalang sa Huklob laban sa mga taga-Hiraya. Mamamagitan si Iska subalit walang kasunduang naganap. Sa huli, hahanapin ni Iska ang mga gaya niya upang magsanib-puwersa para maipagtanggol ang Hiraya.

## G. Ang Pagkatha ng Nobela

Sa pagkatha ko ng nobela, layon kong balikan ang mga kuwentong naisalaysay ni Lola Zenaida. Pagbabalik itong maituturing para sa akin dahil ang mga nawalang panahon na hindi ko na naipagpatuloy ang pagkukuwento nito. Ilalatag ko ang mga kuwentong ito gaya sa kung paano akong masigasig na nagsulat sa Wattpad noong 2012. Ibabalik ko ang mga tagpi-tagping kuwento at isasaayos ito base sa balangkas na naisulat ko na.

Mahalaga ang panitikang pangkabataan, mitolohiya, at pagsasalaysay muli. Sa mga naisalaysay nang kuwento noon, mahalagang isalaysay muli ito sa susunod pang henerasyon. Ang mga naratibo na nabubuo araw-araw ay ang bumubuo sa isang bansa. Naipakikilala ng mga naratibong ito ang mga paraan ng pamumuhay ng tao, ang kanilang emosyon, at ang kanilang pagharap sa iba pang pagsubok sa buhay. Ang pagsasalaysay ng ganitong danas ay mahalagang ipaalala o ipaalam pa sa mga kabataan. Ang mga kuwentong ito ay magpapaalala tungkol sa uri ng pansariling pagsubok na nalagpasan noon ng ating mga ninuno.

Gaya nga ni isinulat ni Rene O. Villanueva (2008), sa kaniyang sanaysay na "Pagsulat ng Kuwentong Pambata," magagamit ang kuwento at mga kauri nitong kuwentong-bayan bilang mapa ng sinaunang paraan ng pag-iisip ng ating mga ninuno o durungawan ng kasalukuyang Filipino sa kanilang katutubo at nakaraang kultura, pag-iisip, at paraan ng pamumuhay. Dahil sa kaalamang ito, may mga aral at kaalaman noon na siyang puwede ring gamitin hanggang ngayon.

Ang panitikang pangkabataan na isusulat ko sa proyektong ito ay isa ring pagtatangkang bumalik sa unang isinulat ko noon—ang pagsusulat ng nobela. Sa aking pagbabalik-loob sa pagsusulat ng nobela, dala ko na ang mga natutunan ko sa unibersidad. Isa sa mga mahahalagang natutunan ko ay ang pagpapahalaga sa pagsasalaysay muli sa mga kuwentong-bayan at ang pagpapanatili nito sa panitikan ng Pilipinas.

Kaya naman, ipakikilala ko ang mga piling tauhan mula sa mitolohiya ng Pilipinas at susubuking bigyan ng ibang personalidad ang mga ito.

Ang pagkakaroon ng kuwentong-bayan at tauhan mula sa mitolohiya ng Pilipinas ay mahalagang bahagi ng panitikan. Ayon kay Damiana L.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 39 11/20/2024 8:05:47 AM

Eugenio (2001), "Myths account for the origin of the world, of mankind, of death, or for characteristics of birds, animals, geographical features, and the phenomena of nature." Sisidlan ang mitolohiya ng mga naratibo at danas noon na maaaring makatulong sa kasalukuyang panahon. Hindi ba't panahon naman upang kilalanin pa nang maigi ang mitolohiyang taglay ng ating bansa?

Sa proyektong ito, sinasabi ko na mahalagang ipagpatuloy pa ang mga akdang naisulat na para sa mga kabataan lalo na't sa wika ng Filipino. Hindi maitatanggi na kailangan pa ng mga mambabasa ang mga akdang naisulat sa Filipino. Ang mga akdang ito ay tiyak na makatutulong sa pagbibigay pa ng dagdag na kaalaman sa mambabasa hinggil sa mga kultura at pagpapahalaga o values ng isang bansa. Isa rin itong paraan upang mas mabigyang kahalagahan ng mambabasa ang yaman na taglay ng panitikan ng Pilipinas.

Ayon sa Readership Survey ng National Book Development Board noong 2017, isa sa mga dahilan ng pagbabasa ng mga 22.50% ng mga kabataan ang nagbabasa upang malibang. 40.98% naman ang nagbabasa upang matuto ng bagong bagay. Base sa pag-aaral na ito, susubukin kong sumulat ng isang nobela na kung saan malilibang at matututo ang mga mambabasa nito.

Ang pagsasalaysay ng mga karanasan ng mga kabataan sa ika-21 siglo ay mahalaga bilang pagtatala ng boses at naratibo sa kasalukuyan. Ang akda ay magiging sisidlan ng mga karanasan ng mga kabataan. Naglalaman ang mga karanasan na ito ng kanilang mga pagsubok, mga suliranin, at iba pang pinagkakaabalahan sa buhay. Gusto kong maiugnay nila ang kanilang sarili at mailapit sa akdang aking isusulat. Kung hindi man, sa akdang ito sana nila mapagtanto na lagi't laging may panitikang pangkabataan ang para sa kanilang panlasa sa pagbabasa. Bagaman malaking hamon ang pagsasalaysay, naniniwala akong mahalagang may gumawa ng ganitong proyekto sa mundo na panitikan ng Pilipinas.

Kaya naman, sa proyektong ito, naniniwala akong may mga kabataan pa ang magkakainteres sa mga kuwentong-bayan at tauhan sa mitolohiya ng Pilipinas. Kung paanong tinanggap ng manonood sa Netflix ang Trese, may malaking posibilidad na tanggapin din ng mambabasa ang ganitong proyekto—isang panitikang pangkabataang naglalaman ng mga tauhan mula sa mitolohiya. Isa itong pagtatangka upang ibalik ang interes sa mambabasa sa mga kuwentong-bayan na



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 40 11/20/2024 8:05:47 AM

madalas ay hindi nabibigyan ng pansin sapagkat ang mga kuwentong ito ay palagi nang naririnig.

Kagaya ng pagtanggap sa *The Mythology Class, Janus Silang Series, Moymoy Lulumboy Series, Trese Comics*, at iba pang akdang naglalaman ng mitolohiya sa kanilang naratibo, umaasa ako na sa pagkatha ng akdang ito, maipagpapatuloy pa ang pagpapayaman ng panitikan ng Pilipinas. Sa napiling bida bilang babae, susubukin kong bigyan ng isang magandang representasyon ang danas ng mga kabataang babae sa ika-21 siglo. Ano ang danas ng isang babae bilang isang *hero* o bayani? Ito ang gusto ko ring isalaysay pa sa akda.

Ayon kay Joseph Campbell (1988) sa panayam sa kaniya ni Bill Moyers, lahat ay kayang maging bayani. Bawat isa ay may sariling 'hero's journey' na siyang araw-araw hinaharap. Ang mambabasa rin ay maituturing na bayani sa kaniyang sariling paraan. Sa pamamagitan ng pagsulat ng akdang ito, maipapaalala ko sa mga mambabasa na sila rin ay bayani, at ang mga pagsubok sa buhay, kinalaunan, ay mapagtatagumpayan ding tunay.

Isang malaking hamon ang pagbuo ng proyektong ito subalit hindi ako mapapagod sa pagsusulat—gaya sa kung paano ko siyang masayang gawin noon, masaya pa rin akong isusulat ang inaasahan kong naratibo ng kabataan sa panahong kinabibilangan ko. Gagawin ko ito bilang isang guro, manunulat, at kaibigan sa kanila.

Ang proyektong ito ay isang pagbabalik at isang pag-alala sa kung paano akong naging bahagi ng isang komunidad na nagkukuwento, nakikinig ng kuwento, at sa huli ay magpapatuloy pa ng iba't ibang uri ng pagkukuwento sa pamamagitan ng pasulat na pamamaraan.

Nagsimula ako sa pagsusulat dahil sa kagustuhan kong malibang lamang at magpalipas ng oras. Nakapagsulat ako ng isang nobela noon dahil na rin gusto ko lamang mapagbigyan ang iba't ibang komento ng mga mambabasa tungkol sa kuwentong isinulat ko na. Ngayon, sa pagsulat ko ng nobelang ito, nais kong balikan ang saya sa pagkumpleto ng isang akda. Nais kong ibalik ang saya ng pagsusulat na ito, kasabay ang mga layunin kong maipakilala ang gagamitin kong materyal para sa tutunguhin ng aking akda.

Ang akdang ito ay isang paalala sa akin bilang isang manunulat na hindi lahat ng paglisan ay dapat katakutan. Ang paglisan ay maaaring isang paglalakbay patungo sa isang pakikipagsapalaran.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 41 11/20/2024 8:05:47 AM